


Ito ba ay Trangkaso o COVID-19 "Coronavirus Disease"?

TRANGKASO O FLU (INFLUENZA)


Ang trangkaso ay isang pangkaraniwan at nakakahawang sakit sa palahingahan na sanhi ng mga virus ng trangkaso. Ang trangkaso ay iba sa sipon.

Ang trangkaso ay maaaring magdulot ng di-malubha hanggang sa grabeng sakit, at ang mga komplikasyon ay maaaring humantong sa pagkamatay. Milyun-milyong mamamayan ang nagkakaroon ng trangkaso sa loob ng Estados Unidos bawat taon




"CORONAVIRUS"

Ang "Coronavirus" ay isang bagong impeksyon na maaaring magdulot ng di-malubha hanggang sa grabeng sakit sa palahingahan. Nagkaroon ng pagkalat sa komunidad sa loob ng Estados Unidos ngunit ang panganib na mahawaan ng "Coronavirus" ay itinuturing na mababa pa rin.




MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS NG TRANGKASO

Ang mga palatandaan at sintomas ng trangkaso ay karaniwang nabubuo sa loob ng dalawang araw pagkatapos ng pagkakahantad. Ang mga sintomas ay dumarating nang mabilis at sabay-sabay.




- May lagnat o nilalagnat ang pakiramdam
- Panakit ng ulo
- Sakit ng kalamnan o katawan
- Ubo
- Sobrang pagod ang pakiramdam
- Panakit ng lalamunan
- Tumulong sipon



MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS NG "CORONAVIRUS"

Ang mga palatandaan at sintomas ay maaaring lumabas sa dalawa hanggang 14 na araw pagkatapos mahantad.



- Lagnat
- Ubo
- Kahirapan sa paghinga
- Pangangapos ng hininga




PAANO NAIKAKALAT ANG MIKROBYO NG TRANGKASO

Ang trangkaso ay kadalasang naikakalat sa pamamagitan ng mga tumulo kapag ang mga taong may trangkaso, ubo, bumabahing, o nagsasalita.

Ang mga virus ay kumakalat din sa ibabaw ng mga bagay, ngunit hindi ito gaanong karaniwan.

Maaaring maipakalat ng mga taong may trangkaso ang virus bago, habang, at pagkatapos nilang magasakit.



PAANO ANG MGA MIKROBYO NG "CORONAVIRUS" AY NAIKAKALAT


Pinaniniwalaang naikakalat ito sa pamamagitan ng:

- Pag-ubo/pagbahing o ibang paglapit sa taong nahawaan ng "Coronavirus."
- Ibig sabihin ng paglapit ay nasa loob ka ng 6 na talampakan mula sa nahawaang tao sa loob ng ilang panahon.
- Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng paghawak sa mga item na ginamit ng isang nahawaang tao, tulad ng mga tisyu o linen.

SINO ANG NAGKAKATRANGKASO?

Kahit sino ay maaaring magkatrangkaso

Ang ilan — tulad ng mga batang musmos pa, matatandang mga adulto, at mga taong may karamdaman — ay may mataas na panganib sa mga malubhang kumplikasyon.



SINO ANG NAKAKAPITAN NG "CORONAVIRUS"?

Sa Estados Unidos, ang mga taong nanganganib ay:

- Mga bumibiyahe mula sa labas ng Estados Unidos.
- Isang indibidwal na lumapit sa isang taong nahawaan ng "Coronavirus."



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa trangkaso at COVID-19,

Bumisita sa www.cdc.gov/flu and www.cdc.gov/coronavirus/2019-nCoV.

Marso 3, 2020

PAGLILINAW: Ang impormasyon ng COVID-19 ay mabilis na nagbabago at ang mga dokumento ay ia-update nang naayon.